
# Kabayanihan ng Kababaihan sa Kolorum at Sakdal



**Arthur M. Navarro**

Kapwa masalimuot ang kilusang bayan at kilusang kababaihan matapos sumiklab ang Himagsikang Pilipino 1896. Kumuha ang mga ito ng iba't ibang anyo na pawang nakapaloob sa pagpapatuloy ng diwa ng sama-samang paghihimagsik tungo sa kalayaan at kasarinlang ng Inang Bayan.

Sa sentenaryo ng patuloy na himagsikan, magandang balik-tanawin ang mga paghihimagsik ng mga KOLORUM at SAKDAL at tignan ang malaking ambag bilang mga bayani ng mga natatanging kababaihan sa mga pagkilos na ito. Ang pagbabalik tanaw ay hindi lamang pagtahak sa ilang yugto ng mahabang kasaysayang bayan, kundi pagpapalaot din sa ilang yugto ng mahabang kasaysayan ng kilusang kababaihan.

MASALIMUOT ANG KILUSANG BAYAN MATAPOS SUMIKLAB ANG Himagsikang Pilipino 1896 na pinangunahan ni Andres Bonifacio. Sa unang hati na lamang ng kasalukuyang siglo, kumuha ito ng iba't ibang anyo na pawang nakapaloob sa pagpapatuloy ng diwa ng sama-samang paghihimagsik tungo sa kalayaan at kasarinlan ng Inang Bayan.[1] Sa pagsiklab ng Digmaang Pilipino-Amerikano noong 1899, patuloy na naitaguyod ang kilusang bayan. Sa pagbagsak ni Miguel Malvar noong 1902, sa halip na humina at mawala, lumakas at nailunsad ang maraming kilusang bayan. Kabilang na sa mga ito ang kilusang Bagong Katipunan sa pamumuno ni Luciano San Miguel; Republika ng Katagalugan sa ilalim ng Pangulong Macario Sakay; Guardia de Honor sa La Union, Ilocos Sur, Nueva Ecija, Zambales at Tarlac; kilusang Bagong Herusalem ni "Papa" Ruperto Rios ng Tayabas; Santa Iglesia sa pangunguna ni Felipe Salvador o "Apong Ipe"; kilusang Pulahanes sa Samar; kilusang Dios-Dios sa Samar at Leyte; at kilusang Babaylanes sa pangunguna ni Dionisio Magbuelas o "Papa Isio" sa Negros at Panay. Marami ring kilusang bayan ang itinaguyod ng mga Moro at Lumad ng Mindanao at ng mga Igorot ng Kordilyera. Noong Dekada '20 naman, mapapatanyag ang mga kilusang Kolorum sa Nueva Ecija, Rizal, Tarlac, La Union, Batangas, Surigao, Agusan, Cotabato, Samar at Leyte. Samantalang mapapatanyag naman ang mga kilusang Kolorum ng Tayug, Pangasinan; kilusang Tanggulan ng Maynila; hukbong Asedillo-Encallado ng Timog Katagalugan; at kilusang Sakdalista noong Dekada '30. Sa Digmaang Pilipino-Hapon, dadaloy naman ang diwa ng kilusang bayan sa HUKBALAHAP o Hukbo ng Bayan Laban sa Hapon na nang lumaon ay naging HMB o Hukbong Mapagpalaya ng Bayan.[2]

Binubuhay rin ang diwa ng kilusang kababaihan sa iba't ibang anyo ng kilusang bayan. Matapos sumiklab ang Himagsikang Pilipino 1896, nagpatuloy ang malaking ambag ng kababaihan sa panlipunang pagkilos. Sa Digmaang Pilipino-Amerikano, napalitaw ang kabayanihan ng kababaihan sa kanilang pakikisangkot, pakikipaglaban at pamumuno sa digmaan para sa Inang Bayan. May mga kababaihang nagpakain sa sandatahang Pilipino at nag-aruga ng mga sugatan. May ilan ding nagsulat sa peryodikong Pilipino na nagtatanghal sa pagsusulong ng karapatan ng kababaihan at bayan. Samantalang laksa-laksang kababaihan ang naging bahagi, at namuno pa nga sa ilang pagkakataon, ng sandatahang Pilipino na sumuong sa armadong pakikidigma. Sa panahon naman ng "pakikibagay at patuloy na pakikibaka", higit na naging masalimuot ang kilusang kababaihan. May ilang kababaihan na umatupag sa pagkamit ng higit na mabuting kalagayan sa loob ng sistemang kolonyal ng mga Amerikano tulad ng mga naunang feminista at suffragista. Samantalang may mga kababaihan naman na inadhika at ipinaglaban ang ganap na kalayaan at kasarinlan ng Inang Bayan.[3]

Sa mga anyo ng kilusang bayan, magandang balik-tanawin ang mga paghihimagsik na Kolorum at Sakdal bilang halimbawa ng mga kilusan, at tingnan ang malaking ambag bilang mga bayani ng mga natatanging kababaihan sa mga pagkilos na ito.[4] Ang pagbabalik-tanaw ay hindi lamang magsisilbing pagtahak sa ilang yugto ng mahabang kasaysayan ng kilusang bayan, kundi pagpapalaot din sa ilang yugto ng mahabang kasaysayan ng kilusang kababaihan.

## KABABAIHAN SA KOLORUM[5]

Naging malakas ang kilusang bayan sa Pangasinan sa anyo ng samahang bayang pinangunahan ni Pedro Calosa.[6] Ang samahan na itinatag bilang Philippine National Association noong 1928[7] na pinangalanan ding *Sociedad ti Mannalon* o Lipunan ng Magsasakang Tenante at *Sinarauay* sa panahon ng paglakas nito noong 1930,[8] ay

kinabilangan ng higit-kumulang isang libong pesante na kinabibilangan ng mga kababaihan mula sa Pangasinan at Nueva Ecija. Malamang na naakit ang mga kababaihang ito sa nilalayon ng samahan na mapaganda ang kalagayan ng buhay sa kanayunan, maipaglaban ang karapatan ng mga magsasakang tenante at mabigyang-kalayaan at kasarinlan ang Inang Bayan.[9]



Sa paglakas ng samahan, kaisa ang mga kababaihan sa paghahanda sa napagpasyahang paglulunsad ng paghihimagsik sa Tayug. Sila ang naghanda ng mga kasuotan at sandata para sa paghihimagsik na inaasahang magbubunga ng malawakang himagsikan sa kapuluan, tungo sa katuparan ng kanilang mga nilalayon.[10]

Enero 11, 1931 nang salakayin ng humigit-kumulang limampu hanggang pitumpung taongbayan, kabilang na ang labing-apat na magigiting na kababaihan, ang bayan ng Tayug, Pangasinan. Sinimulan ang pagkilos, mag-iika-1:00 ng umaga, sa pagtatagpo ng tatlumpu hanggang apatnapung katao sa may San Nicolas, lima hanggang sampung kilometro ang layo sa Tayug. Dito, sinunog ng mga naghihimagsik ang bahay ng dalawang pulis-munisipal. Habang nasusunog ang mga bahay, ang mga naghimagsik na armado ng mga gulok at ilang *shotgun*, ay nagawang makuha ang dalawang bus ng Pangasinan Transportation Company o Pantranco na kanilang sinakyan patungong Tayug. Habang tinatahak ang papuntang Tayug, may dalawampu hanggang talumpung katao pa ang sumama sa mga naghihimagsik.[11]

Sa bayan, sinalakay ng mga naghihimagsik, kabilang ang labing-apat na babae, ang punong-himpilan ng Konstabularya. Isa sa mga

babae ang mahusay na luminlang sa tanging bantay ng himpilan na nagbigay-daan upang makapasok ang mga naghihimagsik. Sinunog ng mga naghihimagsik ang himpilan. Sinamsam nila ang mga armas ng Konstabularya. Napatay nila ang marami sa mga kawal, kabilang ang dalawang opisyal ng Konstabularya na sina Tenyente Sulpicio Bachinni at Tenyente Martin San Pedro. Sa pagsalakay sa himpilan, aktibo ang mga babaeng naghihimagsik, na nag-udyok marahil kay Pedro Calosa na ilarawan ito bilang "ang gabi kung kailan tinakbuhan ng mga konstabularya ang ating mga kababaihan." Matapos ang punong-himpilan ng Konstabularya, binalingan naman ng mga naghihimagsik ang iba pang kumakatawan sa kolonyal na autoridad. Sinalakay ng mga naghihimagsik na armado ng mga punyal, patalim, gulok at ilang baril at nagtataglay ng mga *anting-anting* sa anyo ng amuleta sa kalalakihan at maliliit na aklat-dasalan, bato at medalya sa kababaihan, ang munisipyo. Sinunog ang presidensya kung saan naroroon ang mga kinasusuklamang kasulatan ukol sa mga lupang sinasaka. Sinunog din ang tanggapan ng koreo ng Tayug. Halos kasabay nito, pinasok at sinunog din ang isang bahay-imbakan at mga bahay ng mga mayayaman sa bayan.

Mahihinuha natin kung bakit lumahok ang mga kababaihan sa mga pananalakay at panununog na ito. Sila ang pangunahing apektado ng mga pagpapahirap ng mga kolonyal na autoridad. Bunga ng mga ito, napasakamay na ng mga naghihimagsik ang Tayug. Matapos ito, tinahak naman ng mga naghihimagsik ang plaza hanggang makarating sa kumbento. Sa loob, inatasan nila si Padre Eusebio Bermudez na mamuno sa isang misa. Humingi rin sila ng agahan o almusal. Sumunod naman ang pari at ang mga katulong nito, na pinasalamatan naman ng mga naghihimagsik. Hindi nagtagal, ipinahayag ng kinatawan ng mga naghihimagsik ang mungkahing lisanin ng pari at ng mga katulong nito ang bulwagan. Matapos lumisan ang pari at mga kasamahan nito, naiwan ang mga naghihimagsik na naghihintay sa mga susunod na mga mangyayari.[12]

Hindi gaanong nagtagal ang paghihintay sapagkat dumating ang puwersa ng Konstabularya mula Dagupan. Nagkaroon ng halos labindalawang oras na palitan ng putok hanggang tila naubusan na ang dalawang panig ng amunisyon. Sa gitna ng bahagyang katahimikan, bumukas ang pintuan ng kumbento at lumabas ang punong-tagasagisag, tagawagayway-watawat ng mga naghihimagsik, ang anak na babae ng kanilang "Koronel" Arcadio Vidal. Habang manghang-mangha at hindi makapaniwala ang mga konstabularya sa nangyayari, nagmamartsang iwinawagayway ng magiting na nakaapak na babae ang watawat ng Pilipinas sa plaza. Ngunit nang nasa may bantayog na ni Dr. Jose Rizal ang babae, binasag ang katahimikan ng mga putok mula sa mga konstabularya. Bumagsak ang magiting at bayaning babae. Sinundan ito ng pagpapabagsak ng mga kawal-pamahalaan sa pintuan ng kumbento. Agad nila itong pinasok. Hindi na nanlaban ang mga naghihimagsik at ibinaba na nila ang kanilang armas at sumuko. Ika-7:00 ng gabi nang ganap na natapos ang paghihimagsik.[13]

Sa pagtataya ng nasalanta sa sagupaan, nakitang anim sa mga naghimagsik — kabilang ang punong-tagasagisag at isa pang babae ang napatay, samantalang dalawampu sa apatnapung sumuko ang sugatan. May dalawang babae, pawang kabataang mag-aaral, ang sugatan. May labinlima hanggang dalawampu ang pinapalagay na nakatakas. Sa panig ng mga kawal-pamahalaan, lima ang patay at lima rin ang sugatan.[14]

Binansagang "kolorum" ang mga naghihimagsik na ito ng mga Amerikano at mala-Amerikano. Sinasabing ang mga naghihimagsik ay mga mangmang, bobo at walang alam o kaya'y panatiko.[15] Hindi kinilala ang dakilang layunin at malinis na kalooban ng mga naghimagsik na nag-adhika ng kaunlarang panlipunan batay sa katwirang panlipunan para sa mga Anak ng Bayan at kalayaan para sa Inang Bayan. Hindi kinilala ang mga mithiin sa anyo ng pantay na hatian ng lupa, pagwawakas ng mga pang-aabuso ng mga pulis-munisipal at konstabularya at iba pang makatarungang kalagayang panlipunan.[16]

Sa dakilang paghihimagsik na ito, simula sa paglulunsad hangggang sa katapusan, malaki ang naging papel ng kababaihan bilang tagapaglinlang ng kaaway, aktibong kalahok sa armadong pakikipaglaban at punong-tagasagisag ng mga naghimagsik. Hindi matatawaran ang naging papel ng kababaihan sa kilusang bayang ito. Walang dudang mahalagang salik ang kababaihan sa dakilang paghihimagsik sa Tayug noong 1931.

## KABABAIHAN SA SAKDAL[17]

Mula sa pagkakalunsad ng kilusan nong Hunyo 28, 1930, kasabay ng paglalabas ng unang isyu ng pahayagan nitong tinawag na Sakdal noong Oktubre 13, 1930, malaki ang naging papel ng karaniwang mamamayan, kabilang na ang maraming magigiting na kababaihan, sa pagpapalaganap at pagtangkilik sa kilusan at pahayagan nito. Itinatag ang kilusan bilang pagtutol sa namamayaning kalagayan ng Pilipinas na nagmistulang kolonya ng Estados Unidos ng Amerika, at bilang kilusan na nagsusulong ng kasarinlan para sa bayan.[18]

Katulong ang anak na babae na si Leticia, madaling naipalaganap ni Benigno Ramos[19] ang pahayagang Sakdal sa buong Luzon, lalo na sa mga bayan ng Rizal, Cavite, Batangas, Tayabas (kasalukuyang Quezon), Laguna, Bulakan, Pampanga at Nueva Ecija. Naging napakabenta ng pahayagan. Bumili ang mga taongbayan sa kagustuhang maunawaan ang mga nangyayari sa lipunan. Magandang halimbawa ng tagatangkilik ng Sakdal si Salud Algabre na nagsabing madalas siyang bumili noon ng 50 hanggang 100 kopya ng pahayagan upang maipamigay sa kanyang mga kababayan. Naglathala ang pahayagang Sakdal ng mga artikulong kumukundina sa mga ginagawa ni Manuel Quezon at iba pang "dambuhalang" pulitiko na inilarawan na patuloy na naglulustay ng malaking halaga sa mga walang patutunguhan at walang kabuluhang Misyong

Pangkalayaan, habang ang taongbayan ay nagugutom. Naglathala ng mga artikulong nagbubulgar ng detalyadong listahan ng mga tauhan at kaukulang suweldo nito, mga pag-aari at pinagkakagastahan ng mga pulitiko lalo na si Quezon. Sa mga nalathala, malinaw na pinalilitaw ang prinsipyo na ang nararapat lamang na piliing tunay na pinuno ng sambayanan ay mula sa mga taong nakakasama sa panahon ng paghihirap.[20]

Pasan-pasan ang ganitong prinsipyo, itinatag ng kilusan ang Partido Sakdalista noong Oktubre 29, 1933.[21] Maraming Pilipino, kabilang ang mga kababaihan mula sa iba't ibang panig ng kapuluan, ang tumangkilik at sumuporta sa lapian. May ilang kadahilanan sa pagsapi sa partido. Una, ang kilusang Sakdal na kalaunan ay naging Partido Sakdalista, ay hinangaan sa walang takot na paglalantad ng mga katiwalian ng mga pulitiko. Ikalawa, ang samahan ay itinuturing na tunay na nagsisilbi para sa interes ng mahihirap at inaapi. Ikatlo, ang pagiging malinaw at tiyak ng paninindigan nito sa isyu ng kasarinlan. At huli, ang taglay nitong integridad na ginagabayan ng prinsipyo at di kinakitaan ng pagnanasa sa salapi ng sambayanan.[22] Ang mga kadahilanang ito ang nakita ng mga kababaihan na pumapasan sa suliranin ng mag-anak dala ng masamang kalagayang panlipunan sa kanilang pagsapi sa lapian. Nakita nila sa lapian ang isang instrumentong magsusulong ng kanilang kapakanan at interes. Hindi ito kataka-taka sapagkat malaki ang pagpapahalaga ng kilusan at lapian sa mga kababaihan na mababanaag sa ilang nalathalang akdang-Sakdal.[23]

Hindi nagtagal at umani ng tagumpay ang partido sa halalan ng Hulyo 5, 1934. Sa mga lalawigang may balangay ang partido tulad ng Laguna, Bulacan, Nueva Ecija, Rizal, Cavite, Marinduque at pati na ang bayan ni Quezon na Tayabas, nagpakita ng kahanga-hangang panalo ang partido.[24] Sa pagkakapanalong ito, bagamat hindi nakalahok sa pagboto ang mga kababaihan, malaki pa rin ang

naiambag nila sa pamamagitan ng pagtulong sa kampanya, pagbabantay sa balota at maraming iba pa.[25]

Sa tagumpay na ito, ibinalangkas ng partido ang mga bagong layunin nito sa hinaharap. Iniharap at ipinagdiinan nila ang mga sumusunod: (1) imbestigasyon sa mga lupang prayle; (2) pagbubuo ng isang 500,000-kataong Sandatahan ng Pilipinas; (3) pagtuturo ng mga wikang katutubo sa mga pampublikong paaralan; (4) pagpapanatili ng mga abogadong magtatanggol sa mahihirap na kliyente; (5) pagbabawas ng pasahod ng mga opisyal ng pamahalaan; (6) pagtataas ng pasahod ng mga guro, pulis, konstabularya at manggagawa; at (7) paggamit ng mga makina sa pagboto upang maiwasan ang dayaan sa halalan.[26]

Ngunit hindi na ganap na naisulong ang mga bagong layunin ng partido. Sa harap ng tumataas ng kaguluhan, may mga elemento sa partido na nagsusulong na ng paghihimagsik. At noong 1935 nga, sa harap ng papalapit na pagtatatag ng Komonwelt ng Pilipinas, nagpasya ang marami sa mga karaniwang kasapi ng Sakdal na maghimagsik sa adhikang agarang kalayaan at kasarinlan para sa Pilipinas.[27]

Maraming kababaihan ang lumahok sa paghihimagsik noong Mayo 2-3, 1935. Simula sa pagtatagpo sa istasyon ng daang-bakal hanggang sa pagtatagpo at tangkang pag-agaw sa ilang munisipyo tulad ng Calamba, Cabuyao, Biñan at Santa Rosa, Laguna, laksa-laksang kababaihan mula sa iba't ibang nayon ang lumahok sa paghihimagsik. May mga lumahok na ang tanging gusto ay ang kaginhawahan sa buhay na maaaring dalahin ng kasarinlan. Sinasabi nilang naniniwala sila na ang kasarinlan ng Pilipinas lamang ang makakapagpaahon sa kanilang mag-anak sa kahirapan.[28]

Ngunit sa mga lumahok sa paghihimagsik, natatangi marahil ang magiting na si Salud Algabre. Si Algabre, isinilang sa Cabuyao,

Laguna noong Oktubre 10, 1894, ay napabilang sa Sakdal, kasama ang kanyang asawa, dahilan na rin sa kawalang-pag-asa sa pamahalaan. Ginusto lamang niyang mabigyan ng magandang kinabukasan ang kanyang mga anak. Ngunit nang lumaon, naging mas malalim ang pag-unawa niya sa kung ano ba talaga ang ipinaglalaban ng Sakdal. Naunawaan niya ang pakikipaglaban para sa lupa, sa pantay-pantay na sistemang panlipunan, at sa pagpapaalis ng dominasyong dayuhan. Nakilala niya ang kahulugan at kabuluhan ng tunay na kasarinlan. Higit niyang naipakita ito, bilang isa sa mga pinunong naghimagsik noong Mayo 1935. Kahanga-hanga siya nang pinangunahan niya ang mga taongbayan ng nayon ng Banlic sa kanilang martsa papuntang bayan. Sa labinlimang oras ng kaguluhan, pinamahalaan niya ang pagpuputol ng mga linya ng telepono at telegrapo; at paghaharang sa daang-bakal at hilagang lansangang bayan papuntang Maynila. Nagawa rin niyang mangharang ng mga sasakyang papasok sa bayan, kabilang na ang isang kotseng dinisarmahan ang mga sakay na apat na marinong Amerikano.[29]

Matapos ang paghihimagsik na Sakdal, sa harap ng tagumpay ng pagtatatag ng Komonwelt, itinuring ng mga Amerikano at mala-Amerikano na tapos na ang isa pang kilusang bayan. Iniisangtabi ang mga hinaing ng mga naghimagsik at pinalagay na lamang na matutugunan ito ng Komonwelt. Hindi talaga binigyang-pansin ang kalikasan ng paghihimagsik na nakaugat pa rin sa pag-aadhika ng kaunlarang panlipunan batay sa katwirang panlipunan para sa mga Anak ng Bayan at kalayaan at kasarinlan para sa Inang Bayan.

Sa paghihimagsik na Sakdal, muling ipinakita ng kababaihang Pilipino ang ambag nila sa kilusang bayan. Maliit man o malaki ang naging papel nila sa pagkilos, malaking salik sila sa kabuuan ng paghihimagsik.

## Pangwakas

Bahagi ang Kolorum at Sakdal ng mahabang kasaysayan ng kilusang bayan sa Pilipinas. Bahagi ito ng mahabang tradisyon ng pakikibaka at paghihimagsik para sa kaginhawahan, katwiran at kalayaang panlipunan. Pagpapatuloy ito ng diwa ng Himagsikang Pilipino 1896 na nakaugat sa pagiging mga Anak ng Bayan na nagmimithi ng kalayaan at kasarinlan ng Inang Bayan.

Bahagi rin ang Kolorum at Sakdal sa mahabang kasaysayan ng kilusang kababaihan na nakaangkla sa panlipunang pagkilos. Pagpapatuloy ito ng aktibong pagkilos — kabayanihan — ng kababaihang Pilipino tungo sa ikabubuti ng kalagayan, hindi lamang nila o ng kanilang mag-anak, kundi kalagayan ng kabuuang lipunang Pilipino.

Sinasabing bigo ang Kolorum at Sakdal. Maaari. Tunay na hindi nga nila nakamit ang inadhika nila sa kanilang panahon. Ngunit sabi nga ni Salud Algabre, "walang paghihimagsik na nabibigo — bawat isa ay hakbang sa tamang landasin." Samakatwid, ang bawat paghihimagsik ay hakbang tungo sa ganap na tagumpay. Ang Kolorum at Sakdal ay bahagi ng mahabang kilusang bayan at kilusang kababaihan na tumahak sa landasing tungo sa isang masagana, maginhawa, makatwiran, malaya at may kasarinlang lipunan. Nawa'y ipagpatuloy ng mga kababaihang Pilipino ng kasalukuyang panahon ang pagtahak sa dakilang landasin tungo sa pagbuo ng Inang Bayan.

## Talahuli

[1] Ang Inang Bayan na ipinaglaban sa Himagsikang Pilipino 1896 at sa mga sumunod pang kilusang bayan, ay unang dinalumat nina Bonifacio at Jacinto ng Katipunan. Tingnan halimbawa si Andres Bonifacio, "*Pag-ibig sa Tinubuang Bayan,*" na nasa Virgilio Almario, ***Panitikan ng Rebolusyon(g 1896): Isang Paglingon at Katipunan ng mga Akda nina Bonifacio at Jacinto***, Maynila: Sentrong Pangkultura ng Pilipinas,

1993, pahina 141-144.

2 Bahagyang hinango kina Francis Gealogo, "Globalisasyon, Nasyonalismo at Kasaysayan," papel na binasa sa 1997 *Kumperensya ng Kolehyo ng Sosyal Sayans at Pilosopiya,* Puerto Azul, Cavite, Nobyembre 14, 1997, pahina 2; at Alfredo Robles, et al., "Mga Kilusang Mesiyaniko sa Pilipinas: 1900-1906," na nasa ***LIKAS***, Tomo I, Bilang 1 (Disyembre 1976), pahina 50-113.

3 Tingnan sina Ma. Luisa Camagay; "Ang Kababaihan sa Pambansang Kamalayan," ***Philippine Social Sciences Review***, Tomo 52, Bilang 1-4 (Enero-Disyembre 1995), pahina 2-9; at Lilia Quindoza-Santiago, "Rebirthing Babaye: The Women's Movement in the Philippines," na nasa pinamatnugutan ni Amrita Basu, ***The Challenge of Local Feminisms; Women's Movement in Global Perspectives***, London at New York: Westview Press, 1995, pahina 118-120.

4 Ito ay sa harap ng kakulangan ng pagbibigay-pansin sa papel ng kababaihan sa mga pagkilos na ito. Tingnan ang napansin ni Aurora de Dios, "Participation of Women's Groups in the Anti-Dictatorship Struggle: Genesis of a Movement," ***Women's Role in Philippine History: Selected Essays***, Lunsod Quezon: U.P. CWS, 1996, pahina 144.

5 Ang Kolorum na tinutukoy sa papel na ito ay partikular sa kilusang bayang nag-alsa sa Tayug noong 1931. Maraming iba pang kilusang bayang binansagang kolorum na pinapalagay na mula sa pariralang *per omnia saecula saeculorum*. Kabilang sa mga naunang binansagan ang Confradia de San Jose ni Apolinario de la Cruz o Hermano Pule noong 1841; Confradia na base sa San Cristobal o KOLORUM ni Sebastian Caneo noong 1897; at ang mga samahang kolorum sa Nueva Ecija, Rizal, Tarlac, La Union, Batangas, Surigao, Agusan, Cotabato, Samar at Leyte sa unang bahagi ng kolonyalismong Amerikano. Tingnan sina Milagros Guerrero, "The Colorum Uprisings: 1924-1931," ***Asian Studies***, Tomo V, Bilang 1, Abril 1967, pahina 65-68; Rafael Ileto, ***Pasyon and Revolution; Popular Movements in the Philippines, 1840-1910***, Lunsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 1979, pahina 75-78, 120-121, 167-169, 185-187, 206 at 239-240; David Sturtevant, ***Popular Uprisings in the Philippines 1840-1940***, Ithaca at London: Cornell University Press, 1976, pahina 94, 119, 142-157, 166, at 173; at Cynthia Urgena, *The Colorum Uprising of Pangasinan,* tesis masterado, Unibersidad ng Pilipinas, 1960, pahina 24.

6 Si Pedro Calosa ay isang magsasaka mula sa nayon ng Magallanes, Tayug, Pangasinan. Isinilang siya sa Bawang, La Union, ngunit nang labing-pitong gulang na ay nanirahan na sa Tayug kasama ang kanyang mga magulang. Nagtrabaho siya bilang mahikero sa isang

circus, bago nagtungo sa Hawaii kung saan siya namalagi sa loob ng labing-isang taon. Dito, nasangkot siya sa isang usapin sa paggawa na nagbunga ng kanyang pagkapiit ng siyam na buwan. Sa kanyang pagbabalik sa Pilipinas, itinatag niya ang samahang kolorum sa Tayug. Tignan si Urgena, pahina 14-20.

[7] Tingnan si Sturtevant, pahina 184 at 273.

[8] Tingnan si Guerrero, pahina 69; at Urgena, pahina 26 at 28.

[9] Tingnan para sa layunin ng samahan sina Guerrero, pahina 69; Sturtevant, pahina 184; at Urgena, pahina 27-28.

[10] Tingnan kung paano napagpasyahan ang paghihimagsik kina Guerrero, pahina 69-70; Sturtevant, pahina 184-185; at Urgena, pahina 40-41.

[11] Tingnan sina Guerrero, pahina 70; Sturtevant, pahina 185-186; at Urgena, pahina 41-43.

[12] Tingnan sina Guerrero, pahina 70; Sturtevant, pahina 186 at 275; at Urgena, pahina 43-48.

[13] Tingnan sina Guerrero, pahina 71; Sturtevant, pahina 186-187; at Urgena, pahina 47-49 at 52-54.

[14] Tingnan sina Guerrero, pahina 71; Sturtevant, pahina 187; at Urgena, pahina 51.

[15] Tingnan sina Guerrero, pahina 74; at Sturtevant, pahina 190-191.

[16] Tingnan sina Guerrero, pahina 74-75; at Sturtevant, pahina 191-192.

[17] Ang Sakdal na kilusang tinutukoy ay maaaring hango sa sulat mula kay James, Kapitulo 1, Bersikulo 4, ng Bibliya na nagsasaad na: "dapat kayong magpakatatag hanggang wakas upang kayo'y maging Sakdal at ganap at walang pagkukulang" na ang pagpapaliwanag ay sa kontekstong "maging sakdal ang pananampalataya mo sa Maykapal." Tingnan si Motoe Wada (I), *Ang Kilusang Sakdal, 1930-1945*, disertasyong doktoral, Unibersidad ng Pilipinas, 1992, pahina 34-35 o Motoe Wada (II), "Ang Pagkakatatag ng Kilusang Sakdal," na nasa pinamatnugutan ni Jaime Veneracion, *Ang Kilusang Masa sa Kasaysayang Pilipino,* (1900-1992), na espesyal na isyu ng ***Philippine Social Sciences Review*** (Enero-Disyembre 1994), Lunsod Quezon: U.P. CSSP, 1994, pahina 58.

[18] Tingnan sina Sturtevant, pahina 219; at Wada (I), pahina 33-34 o Wada (II), pahina 57-58.

[19] Si Benigno Ramos, ang kinikilalang pinuno ng kilusan, ay isinilang sa bayan ng Bulakan noong Pebrero 10, 1893. Nag-aral siya sa mga pampublikong paaralan sa Malolos. Matapos ang pag-aaral, nagtrabaho siya bilang klerk sa pamahalaang panlalawigan ng makasaysayang Malolos, kung saan nagkaroon siya ng pagkakataong maging mahusay sa Español at Ingles. Noong 1910, ipinasa niya ang examinasyong pangwika para sa sertipiko sa pagtuturo sa elementarya. Matapos ang dalawang taon ng pagiging punong-guro, lumipat siya at ang kanyang asawa sa Maynila. Dito, nakilala siya sa larangan ng pamamahayag at pulitika bilang mahusay na tagasalin ng Español at Ingles sa Tagalog. Isa sa nakapansin sa kanya ay si Manuel Quezon na nang lumaon ay kumuha sa kanya bilang pangunahing tagapagsalita nito sa Tagalog. Tuluy-tuloy na sana ang pag-akyat ni Ramos sa hagdanang pulitikal kung hindi siya nakiisa at aktibong nakilahok sa mga nagpoprotestang mga mag-aaral ng Manila North High School. Lumahok siya sa mga demonstrasyon laban sa isang Amerikanong guro na nagbitiw ng mga rasistang pahayag patungkol sa mga Pilipino. Ang usaping ito ay lumawak at nagpalitaw din sa isyu ng agarang kasarinlan na pinanigan ni Ramos. Sa usaping ito, nagkahiwalay nang tuluyan ang landas nina Ramos at Quezon. Matapos ito, pinangunahan na ni Ramos ang kilusang Sakdal. Tingnan si Sturtevant, pahina 216-217.

[20] Tingnan sina Thelma Kintanar at Carina David, *Salud Algabre, Revolutionary*, na nasa ***Review of Women's Studies***, Tomo V, Bilang 2 at Tomo VI, Bilang 1 (1996), pahina 77-78; Sturtevant, pahina 219; at Wada (I), pahina 35-37 o Wada (II), pahina 58-59.

[21] Tingnan sina Sturtevant, pahina 221-222; at Wada (I), pahina 55 o Wada (II), pahina 70.

[22] Tingnan si Wada (I), pahina 67-68 o Wada (II), pahina 72.

[23] Tingnan si Ben Ruben, *Ang Kalinisan ng Ating mga Babae*, ***Sakdal***, Oktubre 18, 1930 at *Ang Buhay ni Gng Liboria de Castro: Pangbihira sa Kasaysayan ng Babaing Pilipina*," ***Sakdal***, Hunyo 5, 1937. Tingnan din ang mahalagang Pamahayag at Patakaran ng Samahang Makabayan ng mga Babaing Pilipino, Maynila: Samahang Makabayan ng mga Babaing Pilipina, 1937.

[24] Tingnan sina Sturtevant, pahina 224; at Wada, pahina 73-74.

[25] Ito ay sa harap ng hindi pa pagpapatupad ng karapatang bumoto sa mga kababaihan. Ipinakikita ng mga tala na ibinigay ng lehislatura ng Pilipinas ang karapatang bumuto sa kababaihan noong 1933 [Akta Bilang 4112 (1933)] pa, ngunit noon lamang halalang lokal ng

Nobyembre 1937 naisakatuparan ang naturang karapatang bumuto. Tingnan si Myrna Feliciano, *The Filipina: A Historical-Legal Perspective*, ***Women's Role in Philippine History: Selected Essays***, pahina 36.

[26] Tingnan si Sturtevant, pahina 225.

[27] Tingnan si Sturtevant, pahina 227-242.

[28] Tingnan bilang halimbawa ang mga field report ukol sa ilang kababaihan sa Sturtevant, pahina 283 at 285.

[29] Tingnan ang panayam kay Salud Algabre sa Sturtevant, pahina 286-299. Tingnan din sina Kintanar at David, pahina 78-81.